

Palalimin ang ugnayan mo sa Aklat ng Allah

1. Damhin ang Kadakilaan ng mga Salita ni Allah

Bago magbasa, isipin kung sino ang nagsasalita — ang Lumikha ng langit at lupa.

Lumapit na may pagkamangha at kababaang-loob, parang nakikipag-usap sa Diyos.

Tulad ng Qur’ an na hinahawakan ng malinis, ang puso mo rin dapat ay dalisay.

2. Magnilay nang Malalim sa Bawat Kahulugan

Huwag magmadali — basahin nang dahan-dahan.

Isipin ang kahulugan ng bawat talata.

Sabi ni Ali (RA):
“Walang kabutihan sa pagsamba na walang pag-unawa, ni sa pagbabasa na walang pagninilay.”

Kapag ang puso mo ay kasali, ang pagbasa ay nagiging tunay na makabuluhan.

3. Hanapin ang mga Kayamanang Nakatago sa Kaalaman

Alamin ang iba’ t ibang uri ng talata:

Tungkol kay Allah at Kanyang mga Katangian → nagdadala ng pagkamangha

Tungkol sa gabay → nagtuturo ng awa at karunungan

Tungkol sa kaparusahan → nagpapakita ng katarungan ni Allah

Kwento ng mga Propeta → nagpapakita ng habag ni Allah

Magmuni-muni ayon sa uri para makuha ang tamang aral.

4. Alisin ang mga Hadlang sa Pag-unawa

Ang pagkaunawa sa Qur’ an ay nangangailangan ng:

Malinis na puso
Matahimik na isipan

Mga hadlang:

- Mga pagdududa at pagnanasa
- Mga bulong ng shaytan (waswasah)
- Labis na pagtutok sa bigkas lamang
- Pananatili sa panlabas na kahulugan

Hanapin ang panlabas at panloob na kahulugan nang may sinseridad.

5. Hayaan Mong Baguhin Ka ng Qur’ an

Ang bawat talata ay dapat may epekto sa iyo:

Matuwa sa mga pangakong awa
Manginig sa mga babala
Humanga sa kadakilaan ni Allah
Ipakumbaba ang sarili sa mga talatang may kabanalan

Ipakita sa kilos at damdamin ang tinanggap ng puso.

Doon mo tunay na matatamo ang liwanag at pagpapala ng Qur’ an.

Pangwakas na Kaisipan

Ang Qur’ an ay hindi lang binabasa — Ito ay gabay sa pamumuhay, lunas ng puso, at daan patungo kay Allah.
Makipag-ugnay dito nang may paggalang at pananabik — babaguhin nito ang iyong buhay.



Pag-aanyaya Para sa mga Pilipino



5 Pinakamagandang Lihim Para

Makipag-ugnay nang Mas Malalim sa Qur'an

